20th Story


# Muling pagkabuhay

Risen and Ascension

www.kidsworship.kr

# Muling pagkabuhay

- 20th Story -



**NAR** Si Hesus ay inilibing sa libingan ni Jose mula sa Arimathea. Ang isang malaking bato ay iginulong sa harap ng nitso, ngunit nag-aalala ang mga pari. Inisip nila na baka may magnakaw ng katawan ni Hesus at sabihin na siya ay nabuhay mula sa mga patay, Gaya ng sinabi niya·····gagawin niya ito···. Kaya't nagpunta sila kay Pilato.


**Priest** Mga Ginoo··· pakiusap,,, alalahanin niyo kung paano nagsinungaling si Hesus at sinabi niyang siya ay muling babangon pagkatapos ng tatlong araw? Natatakot kami na baka may darating at subukang nakawin ang kanyang katawan at sabihin na siya ay muling bumangon. Kung nanaisin mo, mag-utos ka na isara ang libingan at bantayan ito sa loob ng tatlong araw.

**Pilate** Mahusay, Kumuha ka ng bantay at siguraduhing ligtas ang libingan hangga't maaari.

**NAR** Kaya't inutusan ng mga punong pari ang mga sundalo na lagyan ng selyo ang nitso at magbantay sa labas ng libingan ni Jose ng Arimathea kung nasaan si Hesus.
Ng umaga ng ikatlong araw, si Maria Magdalena, At ang ina ni Hesus ay nagtungo sa libingan dala ang pabango at pinag halong mira upang ipahid sa katawan ni Hesus.

**Mary Magdalene** Paano natin mabubuksan ang libingan? Ang bato ay napakabigat.

**Mary** Tama ka. Ito ay napaka laki. Sana ay makakita tayo ng taong makatutulong satin.



**NAR** Habang sila ay nag-uusap, nakarating na sila sa libingan. Biglang may isang lindol, tulad ng kidlat, dumating ang dalawang anghel mula sa Langit! ang kanilang mga damit ay napaka puti at sila'y nagliliwanag. Ang mga kawal na nakatayo upang mag bantay ay natatakot kaya't sila ay nahimatay, ngunit si Maria at Maria Magdalena ay nagulat at nakatayo habang nakatingin sa mga anghel.

**Gabriel** Maria! ... at Maria na ina ni Hesus! Huwag kayong matakot! Alam kong dumating kayo para kay Hesus na ipinako sa krus. Wala siya dito. Bumangon na siya tulad ng sinabi niya. Halika at tignan niyo ang libingan. Ngayon ay pumunta kayo sa mga Disipulo ni Jesus at sabihin na nabuhay na muli si Jesus mula sa pagkakamatay. Pupunta siya sa Galilea at doon niyo siya makikita.



**Mary Magdalene** Maria, ito ay tulad ng sinabi ni Hesus!

**Mary** Totoo! Isang anghel ng Panginoon ang nagsabi sa atin! Ang huling beses na nagpakita sa akin ang anghel, hindi siya nag-sinungaling. Halika, dali-dali nating sabihin sa mga disipulo!

**NAR** Habang tumatakbo ang dalawa upang sabihin sa mga alagad ay puno sila ng galak at pagkamangha. Bigla, sinalubong sila ni Hesus sa daan!

**Jesus** Ina! Maria!

**Mary** Hesus! Aming Diyos! Aking Anak! Buhay ka!

**Jesus** Huwag kayong matakot. Humayo kayo at sabihin sa aking mga alagad na makakasalubong ko sila sa Galilea.

**NAR** Nang sila ay sumamba kay Hesus at hinalikan ang kanyang mga kamay at paa kung nasaan ang mga kuko, nagpunta na sila sa mga alagad.

Nang maabutan nila ang mga alagad, sila ay kumakain at nagtitipon nang sama-sama para kay Hesus.

**Mary Magdalene** Aking Mga kaibigan! Si Hesus ay nabuhay mula sa pagkamatay!

**Disciples** HUH? Ano?

**Mary Magdalene** Oo! Nagpunta kami sa libingan ngunit wala itong laman, at nakita naming Siya at nakipag-usap sa Kanya habang papunta rito!

**Peter** Maria pakiusap ... Nalulungkot kaming lahat na wala na si Hesus. Mahirap para sa ating lahat, ngunit hindi ka dapat pumunta at sabihin sa amin ang kuwentong ito .. Ito ay imposible.

**Mary** (Jesus's mother) Hindi, Pedro, totoo ito. Pumunta din ako. Nakita ko siya. Nakita ko.. Nakita ko ang aking anak, at ang ating Panginoon. Pumunta kami sa libingan, ngunit walang laman. Pagkatapos biglang may isang anghel ng PANGINOON na dumating at sinabi sa amin si Hesus ay buhay. Sinabi niya na pumunta kami sa iyo at sabihin na pumunta kayo sa Galilea. Pagkatapos, habang papunta kami rito, nakita namin si Jesus!

**NAR** Nang marinig ito ng mga alagad, sila ay namangha! Nais nilang maniwala, ngunit paano? Nakita nila si Hesus, na namatay, muling bumangon at nabuhay? Hindi pa nila naunawaan ang kanyang mga salita na siya ay muling babangon sa ikatlong araw. Inaasahan nila, at sa pag-asang iyon, masunurin silang nagtungo sa Galilea ayon sa sinabi sa kanila.



| | |
|---|---|
| NAR | Lahat sila ay nagtipon at kumakain nang biglang nasa gitna sila, nagpakita si Hesus! |
| Jesus | Sumainyo ang kapayapaan! |
| Disciples | AAAAAHHHHHHHH! |
| NAR | Nang batiin sila ni Hesus, natakot sila at inisip na siya ay isang multo. |
| Jesus | Bakit kayo natatakot, at bakit kayo nagdududa? Tumingin kayo sa Akin at sa Aking mga kamay. Tingnan mo ang aking mga paa! Ako ito si, Hesus! |
| James | Panginoon ko? |
| Peter | Guro? |
| Jesus | Hawakan mo ako, at tingnan. Ang mga espiritu ay walang balat at buto tulad ng nakikita mong mayroon ka ngayon. Tomas, halika at hawakan mo ako. |
| Thomas | Aking··· Aking Panginoon! Naniniwala ako! |
| Jesus | Naniniwala ka ba ngayong nakita? Mapalad ang naniniwala ngunit hindi nakikita. |
| NAR | Nang sabihin niya ang mga bagay na ito, tinanong sila ni Hesus kung mayroon silang makakain, at nang bigyan Siya ng ilang mga isda, kinain niya ito. Habang pinagmamasdan nilang lahat si Hesus, Siya nagsimulang magsalita. |
| Jesus | Mga kapatid, ito ang aking mga salita na sinabi ko sa inyo habang ako'y kasama pa ninyo, na ang lahat ng nakasulat tungkol sa akin sa Batas ni Moises at ang mga Propeta at ang mga Awit ay dapat matupad ... |
| NAR | At sa oras na iyon, at sa wakas ay sinimulan ni Hesus na ipa-liwanag ang lahat ng mga turong ito sa kanyang mga alagad at ang mga Kasulatan. |
| Jesus | Kaya't nasusulat, na ang Cristo ay dapat magdusa at sa ikatlong araw ay bumangon mula sa mga patay, at ang pag-sisisi para sa kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipa-hayag sa kanyang pangalan sa lahat ng mga bansa, simula sa Jerusalem. Kayo ay mga saksi ng mga bagay na ito. At narito, ipinapadala ko sa iyo ang pangako ng aking Ama. |
| NAR | Kaya dinala ni Jesus ang mga disipulo sa taas ng bundok, at doon binasbasan sila. |

Jesus Mga Minamahal na kapatid, lahat ng awtoridad sa Langit at sa Lupa ay ibinigay na sa akin. Ipinahayag ko sa buong mundo, ang Ebanghelyo na ito sa lahat ng nilikha. Gawin ninyong mga alagad Ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu, turuan silang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos Ko. Ang sinumang naniniwala at nabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang hindi maniniwala ay mapaparusahan. Sapagkat, tandaan ninyo ako'y kasama ninyo palagi, hanggang sa katapusan ng mundo.

NAR Nang matapos na sabihin ni Hesus ang mga bagay na ito, Siya'y umakyat sa Langit upang umupo sa kanan ng Diyos na Ama. Sambahin siya ng Kanyang mga alagad at napuno ng saya at kagalakan at bumalik sa Jerusalem. At sila ay patuloy na nagtuturo sa templo at nagbabahagi ng Ebanghelyo at pinupuri ang Diyos.